**Title**: Ang Parangal ni Pablo kay Filemon (vv.4-7) | Philemon's Commendation

**Text**: Philemon 1:4 "I thank my God, making mention of thee always in my prayers,"

*Pagsasalin*: Nagpapasalamat ako sa aking Diyos, binabanggit kita lagi sa aking mga panalangin.

**Panimula**:

1. So ang outline ng aklat ng Filemon:
   - A. Ang Panimula (vv. 1-3)
   - B. Ang Parangal ni Filemon (vv. 4-6)
   - C. Ang Pakiusap kay Filemon (vv. 8-21)
   - D. Ang Pabatid kay Filemon ukol sa pagbisita ni Pablo sa kanila (vv.22-25)
2. Bibigyan natin pansin ngayon ang pananampalataya at pag-ibig ni Filemon. Isa siyang magandang halimbawa para sa lahat ng mga Christiano.

I. **Ang Layon ng Pananalangin at Pagpupuri ni Pablo**: (v.4)

1. Ang Dios ang May-akda ng lahat ng kabutihan ng tao at ano man ang kanilang magagawa. (1 Chronicles 29:13-14 "Now therefore, our God, we thank thee, and praise thy glorious name…for all things come of thee, and of thine own have we given thee." Hosea 14:8b – From me is thy fruit found;"
2. Magandang ugali na hindi lang tayo nagpapasalamat sa mga gawa ng Dios sa ating sarili, kundi pati na rin para sa ating kapatiran. Ang tunay na paraan kung paano ipakita natin ang pag-ibig natin sa kapwa ay sa pamamagitan ng pananalangin. (James 5:16)
3. Madalas itong ginagawa ni Pablo ("always") ibig sabihin ito ay regular na pangyayari.

II. **Mga bagay na nagdulot ng Pananalangin at Pagpupuri**: Pag-ibig at Pananampalataya (v.5-7)

1. Mayroon siyang pag-ibig at pananampalataya kay Jesus – Siya ay ang pangunahing layon!
2. Mayroon siyang pab-ibig at pananamlataya sa kapatiran. Ito ay nakikita. (v.7)
   [Romans 1:8; Colossians 1:4]
3. Hindi tayo gumagawa ng mabuti para makita ng tao at ipagmalaki nila tayo, pero upang makita nila ang Dios at bigyan siya ng kaluwalhatian. (Matt. 5:16)
4. (v.6) "Communication of thy faith" – fellowship (pakikiisa) o partnership o distribution (pagbibigay).
5. (v.6) "May become more effectual" – operational (pinaiiral), active (aktibo, masigla).
6. Nakikita ng kapatiran ang kabutihan ng Dios sa buhay ni Felimon, at ganito rin tayo.
7. (v.7) "Sapagka't ako'y totoong nagalak at naaliw sa iyong pagibig, sapagka't ang mga puso ng mga banal ay naginhawahan sa pamamagitan mo, kapatid." – hindi lamang ang mga kapatiran na nasa kagipitan ngunit ang lahat pati na rin si Pablo ang naginhawahan.

**Katapusan**:

1. Si Filemon ay isang magandang example para gayahin ng mga Christiano today. Sa buhay Christiano walang secret formula ng pagiging mahusay na Chrstiano. Ang example ni Filemon ay kaya rin gawin ng mga Christiano ngayon – sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsunod sa mga salita ng Dios.
2. Ang layunin ng Dios para sa mga Christiano ay lumago sa pag-ibig at pananampalataya.
3. Ang paglago ng isang Christiano ay malaking encouragement sa lahat ng mga kapatiran.